JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahanon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership


# 1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 7:
## “Sa Kaibahan Man, May Paggalang”



**Pangalan:** ______________________________

**Baitang at Seksyon:** ____________________

**Paaralan:** ______________________________



# Alamin

Ang mga tao ay may kanya-kanyang paniniwala at kinaaaniban na relihiyon. Dito sa Pilipinas, napakarami ng mga relihiyon at iba-iba din ang mga gawain na kanilang ginagawa.

Sa modyul na ito mauunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang gawaing panrelihiyon.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Natutukoy ang ibat ibang mga gawaing panrelihiyon. (ESP1PD-IVf-g-3)



# Subukin

Panuto: Isulat ang  kung ito'y gawain ng isang relihiyon at  kung hindi.

________1. Bawal sa mga kapatid nating Muslim ang pagkain ng karneng baboy.

________2. Tuwing Sabado ang araw ng pagsamba ng mga Adbentista.

________3. Hindi pari ang tawag sa namumuno sa simbahang Katoliko.

________4. Ang mga babaeng kasapi ng Iglesia ni Cristo ay **<u>HINDI</u>** pinapapasok kung nakapantalon.

________5. Ang mga Protestante ay naniniwala kay Hesukristo.

| Modyul 7 | Sa Kaibahan Man, May Paggalang |
| --- | --- |



# Balikan

Sa nagdaang modyul, naunawaan mo ang pagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa.

Sa gawaing ito, babalikan natin ang iyong natutunan ukol sa paggalang ng paniniwala ng kapwa.

**Panuto:** Iguhit ang puso (♡) kung tama ang sinasabi ng pangungusap at bilog (○) kung mali.

_____1. Tinatawanan ng mga bata ang kanilang kamag-aral na Muslim dahil sa iba ang kanilang pagdarasal.

_____2. Si Amaiah Faith ay nakikinig sa kanilang pari habang ito ay nagmimisa.

_____3. Ang mga babaeng kasapi sa Iglesia ni Cristo ay nakabestida kung magsimba.

_____4. Sa pamilyang Dela Cruz, tinuturuan nila ang kanilang mga anak na igalang ang ibat ibang relihiyon.

_____5. Pinagsisigawan ni Roy na mga masamang tao ang nagsisimba sa Katoliko.



# Tuklasin

Basahin ang sumunod na maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

**Pagkakaibigan sa Kabila ng Kaibahan ng Paniniwala**

Sa bayan ng Titay, may magkakaibigan na sina Amaeh Zen, Cris Jorge, Hajer, Xhiantelle ,Abdul at Derrick. Sila ay napabilang sa iba't ibang relihiyon. Si Amaeh Zen ay isang Katoliko na pinangungunahan ng isang pari at naniniwala kay Hesukristo at sa mga santo. Si Cris Jorge naman ay isang Iglesia ni Kristo na pinamahalaan naman ng isang ministro at higpit na tinatagubilin ang pagdamit nang maayos, hindi pagliban sa kanilang pagsamba, at ang hindi pagtabi ng lalaki at babae sa loob ng simbahan. Ang batang si Xhiantelle naman ay napabilang sa Seventh Day Adventist, tuwing Sabado ang araw ng pagsamba. Mahilig silang kumain ng mga gulay at prutas, at hindi basta-bastang kumakain ng mga lamang-dagat, at ang hindi pagkain ng karneng baboy. Si Derrick naman ay isang Protestante. Sila ay naniniwala din kay Hesukristo at nagbabasa ng Bibliya pero pinagbabawal ang pagsamba sa mga rebulto o mga santo. Sina Hajer at Abdul naman ay napabilang sa relihiyong Islam at naniniwala kay Allah at Mohammed. Mayroon silang Imam na siyang pangulo ng pagsamba. Araw-araw silang sumasamba at nag-aayuno sa panahon ng Ramadan at pinagbabawalan silang kumain ng karneng baboy.

Gayunpaman, kahit na may ibat ibang kinabibilangang relihiyon, sila ay nanatiling magkaibigan na may paggalang sa kanilang mga magkaibang pananampalataya.

Sagutin:

1. Sino-sino ang mga bata sa kuwento?
2. Ano-ano ang kanilang relihiyong kinabibilangan?

3. Magkapareho ba ang kanilang mga gawaing panrelihiyon? Bakit?



# Suriin

## Tandaan

Ano't ano pa man ang iba't ibang paniniwala at mga gawain ng mga relihiyon, dapat marunong tayong gumalang at rumespeto para magkaroon tayo ng matiwasay, maunlad at tahimik na buhay.



# Pagyamanin

**Panuto**: Lagyan ng (√) ang larawan na nagpapakita ng gawaing panrelihiyon at (X )naman kung hindi.

_____1. 

https://bis hoppabillo.blogspot.com/2019/04/holy-week-religious-practices.html

_____2. 

https://www.dreamstime.com/set-multicultural-happy-kids-reading-holy-bible-book-isolated- white-set-multicultural-happy-kids-reading-holy-bible-book-Image168858606

_____3. 

https://www.verywellfamily.com/religious-bullying-4154162

_____4. 

https://www.imb.org/2019/05/03/the-posture-of-prayer-a-look-at-how-muslims-pray/

_____5. 

https://www.rappler.com/nation/iglesia-ni-cristo-practices



# Isaisip

**Panuto**: Isulat sa patlang ang salitang **TAMA** kung ang pangungusap ay tumutukoy sa mga gawaing panrelihiyon at **MALI** kung hindi.

______1. Ang mga kapatid nating Muslim ay nag-aayuno sa panahon ng Ramadan.

______2. Si Padre Kiko Mesina ay nang-hihikayat sa mga Katoliko na magdasal ng rosaryo alay kay Birhen Maria.

______3. Ang mga Iglesia ni Cristo ay umuupo kasama ang kanilang pamilya sa iisang upuan.

______4. Ang mga Seventh Day Adventist ay nagsisimba tuwing Sabado.

______5. Ang mga Protestante ay **HINDI** nagbabasa ng Bibliya.



# Isagawa

**Panuto:** Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita iyong mga gawain sa relihiyong kinabibilangan.



| Mga | Antas ng Pagmamarka |
| --- | --- |

| | 5 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | Naiguhit ang tamang detalye ng gawain | Hindi masyadong naiguhit ang detalye ng gawain | Walang kaugnayan sa hiningi ng panuto |
| 2. Kalinisan | Malinis ang pagguhit at walang bahid ng dumi | Hindi masyadong malinis, maraming dumi ang nagkalat sa kanyang iginuhit | Napakadumi ng kanyang ginuhit |

**Rubriks sa Pagmamarka**

# Tayahin

**Panuto**: Basahin ang mga sumusunod at bilugan ang tamang sagot.

1. Anong relihiyon ang sumasamba sa araw ng Sabado?
   A. Seventh Day Adventist
   B. Roman Katoliko
   C. Islam

2. Bilang isang batang skawt, ano ang gagawin mo kung may nakikita kang batang Muslim na inaaway ng kanyang kaklase?



   gsasabihan na huwag awayin ang bata
   B. sasali sa mga palaaway na bata
   C. pagtatawanan ang batang inaway

3. Alin sa mga sumusunod na relihiyon ang nagrorosaryo at naniniwala sa mga santo?
   A. Katoliko   b. Protestante   c. Iglesia ni Cristo

4. Anong relihiyon ang sumasamba sa araw ng **Linggo**, nagbabasa ng Bibliya at hindi naniniwala sa mga santo?
   A. Islam   b. Protestante   c. Seventh Day Adventist

5. Kung ang mga Kristiyano ay gumagamit ng Bibliya, ano naman ang ginagamit ng relihiyong Islam?
   A. Dyaryo   B. Koran   c. Magasin



# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Protestante | Ministro | Islam |
| Sabado | igalang ang paniniwala ng iba | |

1. Sino ang nangunguna sa relihiyong Iglesia ni Kristo?

_______________________________________________

2. Anong relihiyon ang nagsisimba sa Mosque?

_______________________________________________

3 Anong araw nagsisimba ang mga miyembro ng Seventh Day Adventist?___________________________

4. Anong relihiyon ang nagbabasa ng Bibliya pero hindi naniniwala sa mga santo at rebulto?_________________

5.Anong gagawin natin upang hindi tayo magkagulo dahil sa ibat ibang paniniwala?

_______________________________________________



## Sanggunian


https://www.123rf.com/photo_110273237_stock-vector-people-characters-of-different-religions-set- religious-activities-families-in-national-costumes-that.html
https://bishoppabillo.blogspot.com/2019/04/holy-week-religious-practices.html https://www.dreamstime.com/set-multicultural-happy-kids-reading-holy-bible-book-isolated-white-set- multicultural-happy-kids-reading-holy-bible-book-image168858606
https://www.verywellfamily.com/religious-bullying-4154162
https://www.imb.org/2019/05/03/the-posture-of-prayer-a-look-at-how-muslims-pray/
https://www.rappler.com/nation/iglesia-ni-cristo-practices



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Jerlyn Faith B. Gitalan
Master Teacher I
Titay Valley Elementary School
Titay District
Zamboanga Sibugay Schools Division

Editor: Daylinda P. Ragadio
Jerlyn Faith B. Gitalan

Tagasuri: Falconeri R. Enoy
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D – EPS *Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, *OIC-CID Chief EPS*
Aurelio A. Santisas, *OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jerry C. BokingkitO, *OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, *OIC-Schools Division Superintendent*